Telemedicine Ay Available upang Gamutin ang Karamdaman sa Paggamit ng Opioid

Sa panahon ng emergency sa pampublikong kalusugan sa COVID-19, maaari mong iakses ang gamutan para sa karamdaman sa paggamit ng opioid (opioid use disorder, OUD) sa pamamagitan ng telemedicine. Ang serbisyong ito ay available sa mga piling lokasyon sa Lungsod ng New York (NYC) nang hindi gumagawa ng pagbisita sa personal. Maaaring magbigay ang mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ng gamutan sa OUD gamit ang platapormang audio-biswal tulad ng teleconference, o paminsan-minsan sa chat sa telepono. Maaari silang magpadala ng reseta nang elektroniko sa anumang parmasya. Buprenorphine — minsan tinatawag na Suboxone® — ay isang gamutan para sa OUD na maaaring ireseta ng mga tagapagkaloob sa maraming setting at maaaring simulan saan man. Maaari mong simulan ang gamutan sa buprenorphine (o magpatuloy kung ginagawa mo na ito) sa pagbisita sa telemedicine.

Saan ako makahahanap ng gamutan?
Upang humanap ng impormasyon tungkol sa gamutang buprenorphine sa OUD sa pamamagitan ng telemedicine:

- Bisitahin ang website ng Opisina ng mga Serbisyo at Suporta sa Adiksiyon (Office of Addiction Services and Supports, OASAS) ng Kagawaran ng Kalusugan ng Estado ng New York sa **oasas.ny.gov** at hanapin ang "**Medication-Assisted Treatment via Telehealth**" (Gamutan na Tinulungan ng Gamot sa pamamagitan ng Telehealth) para sa listahan ng mga tagapagkaloob na nagbibigay ng buprenorphine sa pamamagitan ng telemedicine. Maraming tagapagkaloob na nakalista ang tumatanggap ng Medicaid at ibang insurance. Para sa tulong, maaari ring tumawag sa NYS 24/7 HOPEline sa 877-846-7369 o mag-text sa "HOPENY" sa 467369. Para sa mga tanong, tumawag sa 518-473-3460.
- Bisitahin ang website ng Kagawaran ng Kalusugan at Kalinisan ng Isip ng NYC (Kagawaran ng Kalusugan ng NYC) sa **nyc.gov/health** at hanapin ang "**Opioid Addiction Treatment With Buprenorphine and Methadone**" (Gamutan sa Adiksiyon sa Opioid Gamit ang Buprenorphine at Methadone). Pindutin ang tab ng "How to Find Treatment" (Paano Humanap ng Gamutan) upang humanap ng lugar ng pangunahing pangangalaga ng tagapangasiwa ng pangangalaga na nars sa buprenorphine na pinondohan ng Kagawaran ng Kalusugan ng NYC. Maaaring magbigay ang ilang lugar ng gamutan sa buprenorphine sa pamamagitan ng telemedicine. Tumatanggap ang ilang lugar ng Medicaid, may sliding scale fee o nagbibigay ng gamot sa murang halaga para sa mga tao na may mababang kita o walang insurance. Tingnan ang talahanayan sa susunod na pahina para sa mga detalye.
- Bisitahin ang website ng Kagawaran ng Kalusugan ng NYC sa **nyc.gov/health** at hanapin ang "**syringe service programs**" (mga programa ng serbisyo sa heringgilya). Maaaring magbigay ang ilang lugar ng gamutan sa buprenorphine sa pamamagitan ng telemedicine. Walang bayad para sa pagbisita sa telemedicine sa isang programa ng serbisyo sa heringgilya (syringe service program, SSP). Maaaring kailangan mong magbayad o ng insurance sa isang parmasya upang makakuha ng gamot. Tingnan ang talahanayan sa susunod na pahina para sa mga detalye.

Paano kung wala akong insurance o hindi makabayad mula sa bulsa sa aking pagbisita sa telemedicine o mga gamot?

Kung isyu ang halaga, kontakin ang tagapagkaloob na may sliding scale at makakapagbigay ng pagbisitang telemedicine at gamot sa murang halaga. Kung wala kang insurance o hindi makabayad mula sa bulsa sa mga pagbisita sa telemedicine o mga gamot, kontakin ang:

- NYC Health + Hospitals / klinika sa telemedicine ng buprenorphine ng Bellevue sa Manhattan sa 212-562-2665
- Network sa gamutan sa buprenorphine sa Montefiore Medical Center sa Bronx sa 718-405-8227

Kasama sa sumusunod na talahanayan ang mga piling SSP at mga lugar ng pangunahing pangangalaga. Ang mga lugar na ito ay may mga tagapangasiwa ng pangangalaga na nars sa buprenorphine. Ang mga tagapangasiwa ng pangangalaga na nars ay makatutulong magbigay ng telemedicine para sa gamutan sa buprenorphine para sa OUD.

Lokasyon ng Lugar	Uri ng Lokasyon	Numero ng Telepono
Bronx		
Montefiore Comprehensive Family Care Clinic (CFCC)**	Lugar ng pangunahing pangangalaga	718-405-8227
Montefiore Family Care Center (Norwood)**	Lugar ng pangunahing pangangalaga	718-405-8227
Montefiore Family Health Center (Fordham)**	Lugar ng pangunahing pangangalaga	929-220-8411
Montefiore Williamsbridge Family Practice**	Lugar ng pangunahing pangangalaga	929-220-8411
Network ng Gamutan sa Buprenorphine ng Montefiore (iba pang lokasyon)**	Lugar ng pangunahing pangangalaga	718-405-8227
St. Ann's Corner of Harm Reduction, South Bronx	Programa ng serbisyo sa heringgilya	718-585-5544
Brooklyn		
Afterhours Project*	Programa ng serbisyo sa heringgilya	347-663-7608 o 718-249-0755
Community Healthcare Network – East New York Health Hub	Lugar ng pangunahing pangangalaga	718-486-4589
Community Healthcare Network — Williamsburg	Lugar ng pangunahing pangangalaga	718-486-4589
Sterling Avenue Health Center (Brightpoint)	Lugar ng pangunahing pangangalaga	855-681-8700
Sunset Park Family Health Center, Adult Medicine	Lugar ng pangunahing pangangalaga	646-906-2685
Park Ridge Family Health Center	Lugar ng pangunahing pangangalaga	718-907-8100
Manhattan		

Bellevue Hospital Buprenorphine Telemedicine Clinic**	klinika ng NYC Health + Hospitals	212-562-2665
Harlem United (Harlem)*	Programa ng serbisyo sa heringgilya	212-289-2378, extension 1277
REACH Clinic-Mount Sinai	Lugar ng pangunahing pangangalaga	646-951-1963
Positive Health Project/Housing Works*	Programa ng serbisyo sa heringgilya	212-465-8304, extension 4875 o 4430
Ryan Health-West 97th Street	Lugar ng pangunahing pangangalaga	646-221-0366 o 212-710-9029, extension 5829
Ryan Health-Clinton Community Health Center	Lugar ng pangunahing pangangalaga	646-221-0366 o 212-710-9029, extension 5829
Center for Comprehensive Health Practice	Lugar ng pangunahing pangangalaga	212-360-7875
Queens		
Community Healthcare Network — Long Island City	Lugar ng pangunahing pangangalaga	332-877-5383
Community Healthcare Network — Sutphin Blvd	Lugar ng pangunahing pangangalaga	332-877-5383
Sutphin Health Center (Brightpoint)	Lugar ng pangunahing pangangalaga	855-681-8700
Staten Island		
Bay Street Clinic (Brightpoint)	Lugar ng pangunahing pangangalaga	855-681-8700
NYC Health + Hospitals/Gotham Health Vanderbilt	Lugar ng pangunahing pangangalaga	718-616-0978

*Walang bayad para sa pagbisitang telemedicine sa isang programa ng serbisyo sa heringgilya. Maaaring kailangan mong magbayad o ng insurance sa isang parmasya upang makakuha ng gamot.
**Murang gamot ay available para sa mga tao na may mababang kita o walang insurance.

Maaaring baguhin ng Kagawaran ng Kalusugan ng NYC ang mga rekomendasyon habang nagbabago ang sitwasyon. 5.21.21